**Mga pagbabago sa pagsumite ng inyong Bid Offer sa Sealed Public Auction Tranche 294:**

1. Sagutan ang ***Registration form*** at ang ***Offer to Bid forms*** (malinaw ang pagkakasulat upang maayos na *mai-encode* ang inyong registration sa aming system). Ang mga nasabing *forms* ay inyong makikita sa aming *website* na www.pagibigfund.gov.ph (click Properties for Sale – List of Properties for Sale – Properties Up to 30% Discount (2nd Auction) – NCR Branch **Tranche 294** and click/ tap "See List"**.** I-*print* ang mga nasabing *forms* sapagkat walang *forms* na ipinamimigay sa mga *Pag-IBIG Offices.* Basahin sa nasabing *website* ang mga panuntunan sa pagbili ng mga *acquired asset*s o anumang *announcement, erratum for correction or exclusion* kung mayroon man.

2. Ilagay sa unang puting sobre na may *label* na **REGISTRATION** ang nasagutan na ***Registration Form.***

3. Ilagay sa isa pang hiwalay na selyadong puting sobre na may *label* na ***BID OFFER*** ang mga sumusunod:

   - 2 Offer to Bid forms (**Individual OTB** para sa mga individual na bidder o **Juridical OTB** para sa company bidder)
   - Kopya ng valid ID/s ng bidder na may tatlong specimen signature
   - Kopya ng napirmahan na Instruction to Bidder
   - Proof of income ng bidder (para sa Long Term Installment application)
   - Kopya ng Special Power of Attorney at valid IDs ng kanyang representative (kung kailangan) -
   - Secretary's Certificate para sa mga company bidder .

4. Ang ***bidder*** ay maaring magsumite ng kanyang ***bid offe*r ng isang beses lamang sa bawat isang *property****.* Anuman ang **kakulangan, mga pagbura o pagkakaiba-iba ng mga impormasyon sa inyong *Offer to Bid forms* at sa mga nabanggit na dokumento ay maaring magdulot ng pagka-diskwalipika ng inyong *bid offer/s*.** Kaya siguraduhing ito ay maayos at kumpleto na nakapaloob sa isang selyadong puting sobre o *mail envelope*.

5. **Ang *bidder* ay maaring magsumite ng mga *bid offe*rs para sa maraming yunit subalit kailangan na may intensyon siyang bilhin ang lahat ng yunit na kanyang mapapanalunan. Kung sakaling hindi itutuloy ng bidder ang pagbili sa mga ito ay ikakansela ang kanyang bid offers at siya ay magiging blacklisted sa pag-avail ng mga programa sa pagbili ng mga acquired assets ng Pag-IBIG Fund.**

https://www.foreclosurephilippines.com

6. **Huwag maglagay ng pera sa loob ng sobre**.

7. Ipadala ang inyong ***Registration form*** at ***Bid Offer*** na naka paloob sa magkahiwalay na selyadong puting sobre sa pamamagitan ng ***Courier services*** tulad ng Grab Express, Lalamove, Mr. Speedy, Toktok, etc. sa mga sumusunod na ***Pag-IBIG Fund Offices:***

| **Branch** | **Address** | **Araw at Oras ng *Submission of Bid Offer/s*** |
|---|---|---|
| Pag-IBIG Acquired Assets | Level 4, Ayala Malls Manila Bay Diosdado Macapagal Blvd. cor. Aseana Avenue, Parañaque City (*Beside Parañaque City Express Lingkod Office – Serbisyo Center*) | 09:00 a.m. – 5:45 p.m. **(September 16 - 20, 2024)** |
| Pag-IBIG NCR | 2nd Floor Counter Servicing of Acquired Assets Management Group, JELP Business Solutions Center, 409 Shaw Boulevard, Brgy. Addition Hills, Mandaluyong City | 8:30 a.m. – 4:45 p.m. **(September 16 - 20, 2024)** |
| Dasmariñas MSB | Level 1 Robinsons Place Dasmariñas, Emilio Aguinaldo Highway, cor. Governor's Dr. Sitio Palapala, Dasmariñas, Cavite | 8:30 a.m. – 4:45 p.m. **(September 16 - 20, 2024)** |
| San Pedro MSB | 3/F Robinsons Galleria South, Km. 31National Highway, Brgy. Nueva, San Pedro, Laguna | 8:30 a.m. – 4:45 p.m. **(September 16 - 20, 2024)** |

8. Ang bidder ang siyang babalikat para sa ***service fee*** ng inyong napiling courier services. Kailangan matanggap ang inyong bid offer sa takdang oras at araw na nakasaad sa itaas at hindi na maaaring tanggapin ang inyong bid offer kung ito ay mahuli.

Maraming Salamat po!

For more foreclosed property listings, auction schedules, and real estate investing tips, visit https://www.foreclosurephilippines.com